Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro 5219

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-10 NG HUNYO 2008 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg.Teresita S. Bantugan | - | Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Konsehal |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Ronelle G. Feranil | - | SK Fed. President |

HINDI NAKADALO:

Kgg. Gideon B. Abuel - Konsehal(On-Leave)

X---------------------------------------------------------------------------------------------------X

## KAUTUSAN BLG. 08-06-81

### KAUTUSANG NAGTATAKDA NG ULINGAN CENTER AT ALITUNTUNIN SA PAG-UULING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

**May-Akda: Kgg. Ramon G. Magbanua**
**Tserman: Lupon ng Pangangalaga ng Kalikasan**

**Pangalawang May-Akda: Kgg. Eduardo C. Aceron**
**Tserman: Lupon ng Ordinansa at Usaping Legal**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nagtatakda at umaatas ng mga sumusunod:

**SEKSYON 1.** Ang Kautusang ito ay nagtatakda ng mga alituntunin at regulasyon sa pag-uuling sa itinatag na Ulingan Center sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro.

**SEK. 2.** Kahulugan ng mga salitang ginamit sa Kautusang ito:

**DENR** – Department of Environment and Natural Resources
**CENRO** – Community Environment and Natural Resources Officer
**LGU** – Local Government Unit
**TFBG** – Task Force Bantay Gubat
**KAPISANKANA** – Kapisanan ng mga Kabataang Naglilingkod

Scanned with CamScanner

**Barangay Officials** – Punong Barangay o kanyang kinatawan
**User's Fee** – Bayad sa bawat sako ng uling na iluluwas

**SEK. 3.** Ang lahat ay pinagbabawalang mag-uling at magluwas nito ng walang kaukulang "Permit" mula sa DENR-CENRO at walang pahintulot ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao.

**SEK. 4.** Ang sinumang tao, grupo o samahan ay pinagbabawalang mag-uling o magluwas nito na hindi dumaan sa proseso ng Ulingan Center sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao.

**SEK. 5.** Ang itinakdang Ulingan Center ay kinakailangang rekomendado ng Composite Team na magba-validate at mag-iinspeksyon ng napili nilang lugar na pagtatayuan ng Ulingan Center sa Barangay.

**SEK. 6.** Ang Composite Team ay binubuo ng mga sumusunod:

Task Force Bantay Gubat
Kinatawan ng DENR o CENRO
Kinatawan ng KAPISANKANA
Kinatawan ng Religious Sector
Kinatawan ng Sangguniang Bayan
Kinatawan ng Municipal Assessor's Office

**SEK. 7.** Ipil-ipil lang ang pinahihintulutan na putulin at gawing uling sa itinakdang Ulingan Center sa bawat barangay na nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao.

**SEK. 8.** Bago isalang, ikamada ang kahoy sa butas ng Ulingan Center ay kailangang ipasuri muna sa nakatalagang Bantay sa Ulingan Center, sa Task Force Bantay Gubat at Kinatawan ng Punong Barangay na pinagtayuan ng Ulingan Center.

**SEK. 9.** Dalawang beses lang sa isang Linggo ang pagsasalang ng kahoy na Ipil-ipil na gagawing uling sa Ulingan Center.

**SEK. 10.** Kailangang itala ng Bantay ng Ulingan Center ang bilang ng uling na naproseso bawat butas ng Ulingan Center at may pagpapatunay ng Punong Barangay o Kinatawan nito sa nasasakop na Barangay.

**SEK. 11.** Hindi pinapahintulutang putulan ng kahoy na Ipil-ipil ang tabi ng bukal, tabi ng ilog, tabi ng sapa at sobrang dahilig na lugar alinsunod sa itinadhana ng Batas Lokal at Nasyonal.

**SEK. 12.** Kinakailangang nakadeklara at bayad ang buwisan ng lupang gagamitin at panggagalingan ng kahoy na Ipil-ipil na uulingin.

**SEK. 13.** Ang bawat sako ng uling na iluluwas ay may kaukulang bayad na nagkakahalaga ng LIMANG PISO (P5.00) User's Fee; na ang PISO (P1.00) ay para sa Barangay na pinagkukunan ng uling at APAT na PISO (P4.00) sa Pamahalaang Bayan ng Bulalacao at ito ay reresibuhan ng Pambayang Ingat- Yaman.

Scanned with CamScanner

**SEK. 14.** Ang SAMPUNG Porsiyento (10%) ng na naproseso sa Ulingan Center ng bawat Barangay ay maiiwan sa Barangay na magsisilbing pambenta Bulalacao.

**SEK. 15.** Sa buwan ng Hunyo hanggang Setyembre (4 na buwan) bawat taon sa bawat byahe ay inaatasang magtanim muna ang mga mag-uuling, byahero/byahera ng KALAHATI O ISANG (1/2 O 1) EKTARYA ng ipil-ipil o tuba-tuba. Na ang Task Force bantay Gubat ay dapat magkaroon ng regular na "Post Inspection" sa mga lugar na pinagkunan ng pinutol na Ipil-Ipil at magbigay ng tamang rekomendasyon sa Sangguniang Bayan ng Bulalacao sakaling makasama ito sa kalikasan.

**SEK.16.** Ang TATLONG (3) sakong uling na ilalabas sa bayan ng Bulalacao para sa pansariling gamit ay pinahihintulutan, subalit kinakailangang may "clearance" mula sa Punong Barangay na pinanggalingan ng uling, at ang uling ay sa Ulingan Center nanggaling.

**SEK. 17.** Lehitimong mga taga-Bulalacao lang ang mga byahero/byahera at mga sasakyan ang pinapahintulutang magbyahe ng uling sa nasasakupan ng bayan ng Bulalacao.

**SEK. 18.** Ang sinumang lumabag sa alituntunin ng Kautusang ito ay magmumulta ng mga sumusunod:

Sa bawat sasakyang ginamit sa paghakot ng uling na walang "Permit" sa DENR-CENRO at Pamahalaang Bayan ng Bulalacao at hindi nanggaling sa Ulingan Center:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 2,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | Php 2,500.00 |

Sa may-ari ng uling na walang "Permit" ng DENR-CENRO at LGU ng Bulalacao:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 2,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | Php 2,500.00 |

At sa bawat paglabag ay kukumpiskahin ang uling at ang sasakyang ginamit ay i-impound at magmumulta pa ng naaayon sa nakasaad na mga penalidad at ito ay reresibuhan ng Pambayang Ingat-Yaman. Ang sasakyang ginamit ay isasauli sa may-ari pagkatapos makapagbayad ng kaukulang multa.

**SEK. 19.** Ang sinumang tao, opisyales ng barangay o pulis na makahuli ng naguuling na walang "Permit" sa DENR-CENRO at LGU ng Bulalacao ang DALAWAMPUNG porsiyento (20%) ng kabuuang sako ng nakumpiskang uling ay ibibigay sa humuli at ito ay bukod pa sa mga multang nakasaad sa Seksyon 18 ng Kautusang ito.

**SEK. 20.** Ang sinumang tao, grupo, samahan, korporasyon, may-ari ng sasakyan na lumabag ng TATLONG beses (3) sa Kautusang ito ay magmumulta ng Php2,500.00 at sasampahan pa ng Hepe ng Pulisya at CENRO ng kaso sa paglabag sa PD 705 as amended at iba pang batas na kaugnay nito at hindi na pinahihintulutang makapagpauling pa muli, makapagluwas ng uling galing sa nasasakupan ng bayan ng Bulalacao.

Scanned with CamScanner

**SEK. 21.** Magkakaroon ng imbentaryo ng lahat ng natitirang sako ng uling ang Tanggapan ng Punong Bayan sa nasasakupan ng Bulalacao at ang mga sako ng uling na ito ay hindi papayagang iluwas sa labas ng bayan ng Bulalacao sapagkat hindi dumaan sa proseso ng Ulingan Center sa halip ay bibilhin ito ng Pamahalaang Lokal ng Bulalacao sa may-ari ng halagang kalahati (1/2) ng umiiral na presyo sa lugar at ito ay ipagbibili sa publiko sa pamamagitan ng Ingat-Yaman sa makatuwiran at abot-kayang halaga para sa lokal na konsumo ng mga mamamayan ng Bulalacao alinsunod sa umiiral na batas, patakaran, regulasyon ng gobyerno na angkop dito.

**SEK. 22.** Ang lahat ng Ordinansa ng bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro na salungat sa Kautusang ito ay pinapawalang bisa.

**SEK. 23.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay na may SAMPUNG (10) araw na pagpapatalastas.

**ISINABATAS** ngayong ika-10 ng Hunyo,2008 sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

x————————————————————————x

| | | |
|---|---|---|
| **EMELITA A. OSORIO**<br>SB Member | **EDUARDO C. ACERON**<br>SB Member | **ROSALINDA M. CABAGAY**<br>SB Member |
| **GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>SB Member | **LEONARDO A. ANDALLON**<br>SB Member | **RAMON G. MAGBANUA**<br>SB Member |
| **SENEN C. FAMILARA**<br>SB Member | **VIRGELIO M. ASTILLO**<br>Pres., Liga ng mga Brgy. | **RONELLE G. FERANIL**<br>SK Fed. President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**SINAKSIHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERMILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 06/20/08

Wrd.Ord.
6/26/08bms

Scanned with CamScanner